

ABD FPL Worksheet ng Nasa hustong gulang na may Hindi Karapat-dapat na Asawa at/o mga Anak

Mayo 16, 2025

5450.01-Worksheet3

Ilimbag ang Worksheet na ito

Ang mga hakbang 1 hanggang 12 na may mga numero sa ibaba at nakalista sa blangkong worksheet. Ang programang Aged, Blind, & Disabled Federal Poverty Level (ABD FPL) Medi-Cal ay sumusunod sa mga tuntunin sa kita ng Supplemental Security Income (SSI) pero sumusunod sa mga tuntunin sa pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal Medically Needy.[1](#)

“Hindi karapat-dapat na asawa” ay isang asawa na hindi nag-aaplay para sa Medi-Cal sa ilalim ng programang ABD FPL.

PAYO: Kung ang pareho ng mag-asawa ay hindi kwalipikado para sa Medi-Cal na walang kabahagi sa gastos bilang mag-asawa, ang isa sa mag-asawa ay maaaring maging kwalipikado bilang isang indibidwal. Ang asawa na may pinakamataas na mga pangangailangang medikal, nangangahulugang ang asawang higit na nangangailangan ng walang kabahagi sa gastos na Medi-Cal, ay maaaring pumili na maging aplikante ng ABD FPL habang ang asawa ay ang “hindi karapat-dapat na asawa.”

Upang maging karapat-dapat para sa programang ABD FPL, hindi ka maaaring humigit sa ipinahihintulot na mga limitasyon na itinatag ng estado. May mga kabawasan sa kita. Halimbawa, maaari mong ibawas ang anumang buwanang mga hulong sa planong pangkalusugan, tulad ng, polisa sa ngipin, kalusugan o paningin. Gayunman, hindi tulad ng programang Medi-Cal Medically Needy, hindi mo maaaring “gastahin” ang sobrang kita sa mga gastos na medikal upang maging kwalipikado para sa programang ABD FPL.

PAYO: Kung may bata sa pamilya, suriin ang hindi karapat-dapat na asawa at mga anak para sa ibang walang kabahagi sa gastos na mga programa ng Medi-Cal, tulad ng Pickle o ng 250% na Programang Nagtatrabahong May Kapansanan. Kung sila ay hindi karapat-dapat para sa ibang walang kabahagi sa gastos na programa ng Medi-Cal, magpasuri para sa programang Medi-Cal (MN) program.

Hakbang 1

Ipasok ang iyong pinagsamang kabuuan ng di-inaning kita ng parehong mag-asawa bago ang anumang mga kabawasan para sa mga hulog sa segurong pangkalusugan o mga withholding sa buwis. Kabilang sa di-inaning kita ang interes, mga pensiyon, annuity, seguro sa kapansanan ng estado at mga benepisyo sa pagkalawala ng trabaho. Ang inyong pinagsamang kita kahit na ang hindi karapat-dapat na asawa ay walang kita.

PAYO: Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo mula kung saan ang Seguridad Sosyal ay ibinabawas, ang Medi-Cal ay magbabayad sa iyong hulog sa Medicae nang direktso sa buwang iyon kapag natutugunan mo ang alinman sa mga sumusunod:

- Ikaw ay karapat-dapat para sa programang ABD FPL,
- Ikaw ay karapat-dapat para sa alinman ng ibang programa ng Medi-Cal nang walang kabahagi sa gastos, o
- Ikaw ay karapat-dapat para sa Medi-Cal na may kabahagi sa gastos pero natutugunan mo ang iyong kabahagi sa gastos para sa buwang iyon.

Hakbang 2

Ibawas ang \$20 na di-inaning kita na kabawasan.

Hakbang 3

Ipasok ang balanse, kung mayroon. Ang balanse ay ang kabuuang maibibilang na di-inaning kita.

Hakbang 4

Ipasok ang pinagsamang kabuuan ng kabuuang inaning kita ng parehong mag-asawa bago ang anumang mga kabawasan. Sa inaning kita ay kabilang ang anumang kita kung saan ang mga buwis sa Social Security ay binabayaran o mababayaran Tandaan, kung ang hindi karapat-dapat na asawa ay nagkakaloob ng mga serbisyo ng IHSS sa aplikante, ang kita ng tagapagkaloob ng IHSS ay hindi ibinibilang. Gayon din, sa kabuuang kita ay hindi kabilang ang inaning kita na inilagay sa isang cefeteria plan sa pamamagitan ng trabaho para sa pag-aalaga ng bata o mga gastos na medikal, dahil ang kitang iyon ay hindi napapailalim sa mga buwis ng Social Security.[2](#)

PAYO: Kung ikaw ay hindi nagtatrabaho sa sarili, ang iyong kabuuang inaning kita ay nangangahulugang ang iyong iniakmang kabuuang kita – iyon ay, ang iyong mga resibo ng kabuuang kita na ibinawas ang mga ipinahihintulot na kabawasan ng IRS.[3](#)

Hakbang 5

Ibawas ang \$20 ngayon kung hindi mo ibinawas ito sa Hakbang 2. Ang \$20 na kabawasan ay isang beses lamang magagamit.

Hakbang 6

Ibawas ang \$65 na inaning kita na kabawasan bilang insentibo sa trabaho.

Hakbang 7

Ibawas ang anumang Mga Gastos sa Trabaho na May Kaugnayan sa Kapansanan o mga IRWE mula sa mga kinita ng aplikante. Ikaw ay karapat-dapat kumuha ng kabawasang ito kung ikaw ay wala pang 65 taong gulang. Kung ikaw ay 65 taong gulang o mas matanda, maaari mong kunin ang kabawasang ito kung ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal o ibang mga benepisyo batay sa kapansanan bago ka naging 65,

PAYO: Ang IRWEs ay mula sa bulsa na mga gastos mo dahil ikaw ay nagtatrabaho at ikaw ay may kapansanan. Sa mga halimbawa ay kabilang ang pangangalaga ng attendant para sa tulong bago, pagkaraan at sa panahon ng trabaho, transportasyon kapag hindi ka makagamit, o mapagkakatiwalaang gumamit, ng pampublikong transportasyon dahil sa iyong kapansanan. Kabilang din sa IRWEs ang mula sa bulsa ng mga gastos na medikal na kailangan upang magtrabaho kahit na magkakaroon ka ng mga kaparehong gastos kung hindi ka nagtatrabaho.

Hakbang 8

Ipasok ang subtotal pagkaraang ibawas ang hindi nagamit na bahagi ng \$20 na kabawasan sa anumang kita kung ang alinman (Hakbang 5), ang \$65 na kabawasan sa inaning kita (Hakbang 6), at anumang mga kabawasan sa IRWE mula sa kabuuang inaning kita (Hakbang 7).

Hakbang 9

Ibawas ang 50% ng subtotal na ipinasok sa Hakbang 8. Ito ay isang karagdagang insentibo sa trabaho na kabawasan.

Hakbang 10

Ipasok ang balanse pagkatapos ibawas ang halaga sa Hakbang 9 mula sa halaga sa Hakbang 8. Ito ang iyong kabuuang maibibilang na inaning kita. Ang mga halaga sa mga Hakbang 9 at 10 ay dapat na magkapareho.

PAYO: Halimbawa, kung ang tanging kita ng iyong pamilya ay ikaw na kumikita ng \$500 mula sa pagtuturo at ang iyong asawa na kumikita ng \$500 mula sa pagtatrabaho sa isang tindahan ang inyong pinasamang inaning kita ay \$1000 kada buwan. Halimbawa, ikaw ay may IRWE na ginagastusan mo ng \$50 kada buwan, ang iyong math para sa Hakbang 4 hanggang Hakbang 10 ay tulad nito:

Hakbang 4	\$1000
Hakbang 5	\$1000 - \$20 (kabawasan sa anumang kita) = \$980
Hakbang 6	\$980 - \$65 (kabawasan sa anumang kita) = \$915
Hakbang 7	\$915 - \$50 (IRWE) = \$865
Hakbang 8	\$865
Hakbang 9	\$865 / 2 = \$432.50
Hakbang 10	\$432.50 (kabuuang maibibilang na kita)

Hakbang 11

Pagsama-samahin ang iyong kabuuang maibibilang na di-inaning kita (Step 3) ta ang iyong kabuuang maibibilang na inaning kita (Hakbang 10).

Hakbang 12

Ibawas ang anumang buwanang hulog sa segurong pangkalusugan, tulad ng Medi-

Gap, seguro sa ngipin o paningin. Kabilang dito ang mga hulog sa Medicare Part B.[4](#)

Hakbang 13

Kung may ibang mga tao sa Medi-Cal Family Budget Unit (MFBU) na hindi nag-aaplay o hindi karapat-dapat para sa Medi-Cal, kabilang ang mga bata sa pamilya, ibawas ang nakalaan sa pangangailangan ng pagpapaatili (MNL) gamit ang mga numero sa Maintenance Need Allowance sa ibaba. Para sa kabawasan sa MNL para sa isang nasa hustong gulang at isag bata, (Tandaan: ang isang tao ay isang bata kung siya ay wala pang 18 o nasa pagitan ng 18 20 kung siya ay full-time nana estudyante), ibawas ang \$750 na nakalista sa ibaba bilang 2*.

Maintenance Need Allowances – Maintenance Need Level (MNL) (hindi nabago mula Hulyo 1, 1989):

1 - \$600, 2 - \$750, 2 adults - \$934, 3 - \$934, 4 - \$1100, 5 - \$1259, 6 - \$1,417, 7 - \$1,550, 8 - \$1,692

PAYO: Ang isang pamilya na may dalawang magulang at tatlong anak ay magiging isang pamilya ng lima. Huwag isama ang asawang naghahangad ng mga benepisyo ng ABD FPL at magkakaroon ka ng kabawasan sa MNL para sa ibang apat sa pamilya. Kaya, magbabawas ka ng \$1100.

Hakbang 14

Ang natitira, pagkatapos ibawas ang MNL para sa sinumang nasa hustong gulang o mga bata sa MFBU na hindi nag-aaplay para sa o karapat-dapat para sa Medi-Cal, ay ang maibibilang na kita ng mag-aswa para sa mga layunin ng pagpapasya ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng programang ABD FPL.

PAYO: Ang Hakbang 13 at 14 aay ipinakikkita sa ibaba gamit ang halimbawa mula sa Hakbang 10 – ang tanging kita ng iyong pamilya ay ang iyong \$500 na kita mula sa pagtuturo at ang \$500 na kita ng iyong asawa nya sa pagtatrabaho sa tindahan upang gawin ang inyong pinagsamang inaning kita na \$1000 kada buwan. Halimbawa, ikaw ay may IRWE na ginagastusan mo ng \$50 kada buwan, ang iyong math para sa Hakbang 4 hanggang Hakbang 14 ay tulad nito:

Hakbang 4 \$1000

Hakbang 5 \$1000 - \$20 (kabawasan sa anumang kita) = \$980

Hakbang 6 \$980 - \$65 (kabawasan sa anumang kita) = \$915

Hakbang 7 \$915 - \$50 (IRWE) = \$865

Hakbang 8 \$865

Hakbang 9 \$865 / 2 = \$432.50

Hakbang 10 \$432.50 (kabuuang maibibilang na kita)

Hakbang 11 \$0 (di-inaning kita) + \$432.50 (kabuuang maibibilang na kita)

Hakbang 12 \$0 (walang buwanang hulog sa pangangalagang pangkalusugan)

Hakbang 13 \$432.50 - \$600 (MNL para sa asawang hindi aplikante) = - \$167.50

Hakbang 14 - \$167.50 ay mas mababa sa \$0 kaya ang iyong kita ay \$0

**Blangkong A&D FPL Worksheet para sa isang Nasa Hustong Gulang na may
Hindi Karapat-dapat ng Asawa**

Hakbang 1	Kabuuang di-inaning kita bago ang anumang mga kabawasan sa Medicare o ibang mga kabawasan		
Hakbang 2	<i>Ibinawas ang \$20 na anumang kabawasan sa kita</i>	#-20.00	
Hakbang 3	Kabuuang mabibilang na di-inaning kita para sa mag-asawa		
Hakbang 4	Kabuuang inaning kita mula sa parehong mag-asawa bago anumang mga kabawasan..		
Hakbang 5	<i>Ibinawas ang balanse sa \$20 na kabawasan sa anumang kita mula sa hakbang (2) sa itaas, kung mayroon</i>		
Hakbang 6	<i>Ibinawas ang \$65 na anumang kabawasan sa kita</i>	#-65.00	

Hakbang 7	<i>Ibinawas ang anumang nga Gastis sa Trabaho na May Kaugnayan sa Kapansanan para sa karapat-dapat na asawa</i>		
Hakbang 8	Subtotal		
Hakbang 9	Ibinawas ang 50% ng subtotal sa Hakbang (5) bilang karagdagang insentibo sa trabaho na kabawasan		
Hakbang 10	Kabuuang Mabibilang na naning Kita para sa mag-asawa		
Hakbang 11	<i>Pagsama-samahin ang kabuuang maibibilang na dinanang kita (Hakbangp 3) at ang iyong kabuuang maibibilang na inaning kita (Hakbang 10) para sa kabuuang mabibilang na kita</i>		
Hakbang 12	<i>Ibawas ang anumang hulog sa segurong pangkalusugan na kabilang ang mga hulog sa Medicare</i> <u>5</u>		

Hakbang 13	<i>Ibawas ang angkop na MNL batay sa laki ng pamilya ibinawas ang asawang naghahangad ng A&D FPL⁶</i>	
Hakbang 14	Kita na ibinilang para sa pagpapasya ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng programang ABD FPL Medi-Cal	

Ang halaga ba sa Hakbang 13 ay kasantay o mas mababa kaysa \$1,801 sa 2025? Kung oo, ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal na walang kabahagi sa gastos.

- ¹.Cal.Welf. & Inst.Code § 14005.40. All County Wide Directors Letter (ACWDL) 00-57, 00-68, 01-18, 02-38, 23-03.
- ².20 CFR § 416.1110(a); Social Security Program Operations Manual System (POMS) SI 00820.100-C.1.
- ³.Tinatantiya mo kung ano ang basehan ng iyong kasalukuyang buwanang kita sa pahayag ng kita ng nakaraang taon at ang paghahambing sa pagitan ng iniakmang kabuuang kita ng nakaraang taon at mga resibo ng kabuuang kita ng nakaraang taon. Kung ang iyong inakmang kabuuang kita sa nakaraang taon ay 50% ng iyong kabuuang mga natanggap (i.e., \$20,000 batay sa iyog mga resibo na \$40,000), ang Social Security sa pagpapasya ng iyong kita sa taong ito ay magpapalagay na sa taong ito ang iyong buwanang iniakmang kabuuang kita ay 50% ng iyong kabuuang mga natanggap.
- ⁴.Ang karagdagang impormasyon ay maaaring matagpuan sa California Department of Health Care Services (DHCS) All-County Welfare Director Letter (ACWDL) 01-18; MC 176 AD Aged / Disabled FPL group spreadsheet (Revised 10/2020).
- ⁵.Ang programang Medi-Cal ay magbabayad para sa iyong hulog sa Medicare Part B nang diretso kung ikaw ay kwalipikado. Saka makukuha mo na ang iyong buong Security check nang walang kabawasan sa Medicare.
- ⁶.Mga Nakalaan para sa Pangangailangan ng Pagpapanatili: 1 - \$600, 2 - \$750, 2 nasa hustong gulang - \$934, 3 - \$934, 4 - \$1100, 5 - \$1259, 6 - \$1,417, 7 - \$1,550, 8 - \$1,692